| GRADES 1 to 10<br>DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by Ma'am ROSA HILDA P. SANTOS | Learning Area: | ESP |
| | Teaching Dates and Time: | AUGUST 5 - 9, 2024 (WEEK 2) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| *I. LAYUNIN* | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip sa pagpapahayag at pagganap ng anumang gawain na may kinalaman sa sarili at sa pamilyang kinabibilangan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagaganap** | Nakagagawa ng tamang pasya ayon sa dikta ng isip at loobin sa kung ano ang dapat at di-dapat | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan)** | Nakasusuri ng mbuti at di-mabuting maidudulot sa sarili at miyembro pamilya ng anumang babasahin, napapakinggan at napapanood<br>**(EsP5PKP – Ib – 28)**<br>• dyaryo<br>• telebisyon<br>• magasin<br>• pelikula<br>• radyo<br>• internet | | | | |
| *II. NILALAMAN* | **Mapanuring Pag-iisip (Critical thinking)**<br>**Pagkabukas Isispan (Open-mindedness)** | | | | |
| *KAGAMITANG PANTURO* | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | sulatang papel, video clip, ICT, kwaderno | | | | |
| *III. PAMAMARAAN* | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | Alamin Natin | | | | |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | | | | | |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | 1.Ipabasa sa mga mag-aaral ang tula n pinamagatang "Mga Pinagkukunang Impormasyon: Ating Suriin". Ihandaang mag-aaral sa pamantayan sa tamang pagbabasa.. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na tanong:<br>a. Tungkol saan ang tulang inyong binasa?<br>b. Anu-ano ang pinagkukunang impormasyong nabanggit sa tula?<br>c. Anu-ano ang mga buting dulot ang mga ito sa atin? Di-mabuting dulot?<br>d. Paano mo masasabi na ikaw ay nagiging mapanuri sa maga balitang naririnig mo sa radio o telebisyon at nababasa mo sa pahayagan? Ipaliwanag.<br>e. Itala ang iyong mga napanood sa telebisyon o internete. Paano ito nakaaapekto sa iyong kaisipan at damdamin? Ipaliwanag. | | | | |
| **E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Pag-usapan ang kanilang mga kasagutan. Sa bahaging ito ng pagtalakay, maging sensitibo sa kanilang mga kasagutan. Hikayatin silang magbigay ng iba't-ibang sagot<br>Maaring dagdagan at ibahagi ng guro ang kaniyang karanasan ukol sa tula.<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | | | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasan (Tungo sa Formative Assessment)** | | Isagawa Natin<br>1. Ipagawa sa kwaderno ng mga mag-aaral ang Gawain 1 sa Isagawa Natin sa Kagamitan ng Mag-aaral. Ipasulat sa loob ng kahon ang mga balitang kanilang napakinggan sa radio at telebisyon o nabasa sa pahayagan. Ikategorya ito sa Magandang Balita at Mapanghamong Balita. Ipaliwanag muna sa kanila ang kahulugan ng Mabuti at Mapanghamong Balita.<br>. Sa Gawain 2, pangkatin ang mga bata sa apat (4) na grupo. Magpatala ng mga impormasyon na napanood ng mga mag-aaral gamit ang template na nasa Kagamitan ng Mag-aaral.Sa unang kolum, itatala ng mga mag-aaral ang mga programang kanilang pinapanood. Iproseso ito king ang kanilang napanood ay may positibo at negatibong aspekto. | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Isulat sa ikalawang kolum ang aral na maari nilang makuha sa programang kanilang pinapanood at ang hamon sa ikatlong kolum.<br>3. Bigyan ang bawat pangkat ng limang minute para mapunuan ang mga kolum at tatlong minute para sa presentasyon. Gawing magaan sa mag-aaral ang pag-uulat sa unahan. Masusing pag-aralan ang mga sagot na itinala ng mga mag-aaral upang mapagtalakayan pa ito ng lubos. | | | |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | | | | Isapuso Natin<br>Sa pagkilala ng kanilang nagawa, mapapansin n madaling maisusulat ng mga mag-aaral ang kaya nilang gawin. Ito ay nagpapahiwatig kung ang kanilang napanood/nabasa sa pahayagan, radio, telebisyon at internet ay positibo o negatibo.<br><br>1. Ipagawa ang Isapuso Natin sa Kagamitan ng Mag-aaral.<br>2. Itanong sa mag-aaral, sa paggamit ng mga impormasyon, sa anong lebel ninyo maikakategorya ang inyong sarili sa paggamit ng mga sinasabing pinagkukunan ng mga impormasyon:<br>Kategorya:<br>4 – Palagian (6-8 oras na paggmit)<br>3 – Madalas (4-5 oras na paggamit)<br>2 – Katamtaman (1-3 oras na paggamit) | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 1 – Hindi (walang oras sa paggamit ng mga pinagkukunang impormasyon)<br>3. Gabayan ang mga bata na maging matapat sa pagbibigay ng hatol sa kanilang lebel sa paggamit ng mga pinagkukunang impormasyon.<br>4. Ipaskil ang ginawa ng mga mag-aaral sa pisara bilang lunsaran, pamantayan o paalalang kaisipan sa klase. Bigyang papuri at bukas na talakayan hinggil sa mabuting epekto at di-mabuting epekto ng paggamit ng mga babasahin, radio, telebisyon at internet | |
| **H. Paglalahat ng Arallin** | | | | Isabuhay Natin<br>1. Ngayon ay ihanda ang mga mag-aaral sa pagsagot sa mga tanong:<br>a. Masasabi mo bang hindi ka umaabuso sa paggamit ng mga pinagkukunang impormasyon?<br>b. May mga panoorin sa telebisyon at mga site sa internet na malalaswa at mapangahas. Paano mo magagawa bilang mag-aaral na kahit walang nakatingin sa iyo ay kaya mob a itong iwasan at mapaglabanan?<br>2. Bigyang-diin ang Tandaan Natin. Ipabasa ito sa mga mag-aaral nang may pang-unawa. Ipaliwanag ang mensahe nito upang lubos itong maisabuhay ng mga bata. | |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | | | | | Subukin Natin |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 1. Ipasagot sa kwaderno ng mga mag-aaral ang Subukin Natin na nasa Kagamitan ng mga Mag-aaral.<br>2. Pagkatapos masagutan ng mga mag-aaral ang Gawain, iwasto at pagnilayan ang kanilang mga sagot upang hindi sila maligaw ng pagkatuto.<br>3. Bigyang papuri ang mga mag-aaral na nakakuha ng 4-5 tamang sagot, patunay na Naunawaan nila ang pagpapahalagang pinag-usapan. |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation** | | | | | Batiin ang mga mag-aaral sa natapos na aralin at ihanda sila sa susunod na aralin. Maaring magbigay ng takdang-aralin kung kinakailangan, para magsilbi itong motibasyon sa susunod na pag- aaralan. |
| **IV. Mga Tala** | | | | | |
| **V. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |